Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
**MUNICIPALITY OF BULALACAO**

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

*Municipal Building, Poblacion, Bulalacao, 5214, Oriental Mindoro*
*sbobulalacaoormin@gmail.com/09988546853*

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG IKA-LABING-ISANG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-27 NG MARSO 2023 SA SANGGUNIANG BAYAN SESYON HALL

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Regular na Tagapangulo |
| Kgg. Edezer F. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Jess V. Sapungan | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Felix John C. Templanza | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Kieven E. Cantos | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Guillermo G. Salas, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Joejie R. Narciso | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Kim John Elco E. Cantos | SK Federation President |
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Brgy. |

**HINDI NAKADALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ederlino C. Aceron | Sangguniang Bayan Member-**O.B.** |

x-------------------------------------------------------x

## KAUTUSAN BILANG 23-03-347

## KAUTUSANG NAG-AATAS NG REGULASYON NG INDUSTRIYA NG SIBUYAS, BAWANG, AT IBA PANG KAHALINTULAD NA PRODUKTO SA BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO

May-akda at Isponsor
**Sangguniang Bayan Member JOEJIE R. NARCISO**
Chairperson, Committee on Ways and Means

Isponsors
**Sangguniang Bayan Member EDEZER F. ACERON**
Chairperson, Committee on Ordinances and Legal Matters
**Sangguniang Bayan Member FELIX JOHN C. TEMPLANZA**
Chairperson, Committee Food and Agriculture
**Sangguniang Bayan Member EDERLINO C. ACERON**
Chairperson, Committee on Cooperatives and Non-Government Organizations

**SAPAGKAT**, ang Republic Act No. 11321 o mas kilala sa tawag na Sagip Saka Act at ang Implementing Rules and Regulations nito ay nagpapahayag na patakaran ng Estado na makamit ang pangmatagalang modernong agrikultura at seguridad

KGG. KIM JOHN ELCO E. CANTOS
PERLITA V. PAZ
KGG. ENRICO C. VILLAS
KGG. KIEVEN E. CANTOS
KGG. JOEJIE R. NARCISO
KGG. FELIX JOHN C. TEMPLANZA
KGG. GUILLERMO G. SALAS, JR.
KGG. JESS V. SAPUNGAN
KGG. EDEZER F. ACERON
KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.
KGG. RAMON G. MAGBANUA
KGG. ENRICO C. VILLAS

Scanned with CamScanner

sa pagkain sa pamamagitan ng pagtulong sa mga magsasaka at mangingisda sa pag-abot nila ng pangkalahatang potensyal, pagtaas ng kita, at pagtugon sa mga kakulangan sa pamamagitan ng pampubliko at pampribadong tuwangan upang mapabuti ang kalidad ng buhay;

**SAPAGKAT**, ang Department of Agriculture na pinangungunahan mismo ng Pangulo ng Republika ng Pilipinas bilang gumaganap na Kalihim nito ay nagsusulong ng repormang pang-agrikultura na nakatuon sa maayos na pamamahala ng salapi, pagpapaunlad ng imprastruktura, at pagpapalakas sa sektor pansakahan upang maging instrumento ng paglago;

**SAPAGKAT**, umaasa ang mga magsasaka sa intensibong pagkilos mula sa pamahalaan para sa agarang interbensyon upang matulungan sila sa mabilis at epektibong paglilipat-teknolohiya, paghahatid ng suporta, at pagbibenta ng ani;

**SAPAGKAT**, ang pagsasaka at pangangalakal ay mga gawain na makatutulong sa mabilis na paglago ng ekonomiya at sa pagpapaunlad ng kalagayan ng pamumuhay ng mga Pilipino;

**SAPAGKAT**, binibigyang kapangyarihan ng Local Government Code of 1991 ang bawat lokal na pamahalaan na magtakda ng mga batas at alituntunin na nagtataguyod sa kapakanan ng mga mamamayan;

**SAPAGKAT**, ang Bayan ng Bulalacao ay ang pinakamalaki kung hindi man ang tanging prodyuser ng sibuyas at bawang sa buong Oriental Mindoro. Madami ding nagtatanim ng iba pang pampalasang sangkap o produkto sa bayang ito gaya ng luya, sili at iba pa;

**SAPAGKAT**, mahalaga na mapangalagaan ang kapakanan ng mga lehitimong magsasaka, mangangakal, at konsyumer ganoon din ang kaligtasan, kapayapaan, at kalusugan ng bawat Bulalacaonon;

**SAPAGKAT**, na-organisa na ang Bulalacao Onion Industry Council at sa paggabay ng Lokal na Pamahalaan ng Bulalacao sa pamamagitan ng Municipal Cooperative Development Office (MCDO) ay nakabuo ng mga polisiya na pinagbabasehan ng Ordinansang ito;

**DAHIL DITO**, pinagpasyahan gaya ng ginawang pagpapasya ng Sangguniang Bayan ng Bulalacao, na:

**Seksyon 1. Pagpapahayag ng Polisiya**. Ang Lokal na Pamahalaan ng Bulalacao ay nagtataguyod sa karapatan, kalayaan, at kapakanan ng mga magsasaka, mangangalakal, konsyumer, at lahat na mamamayan na sakop ng industriya ng sibuyas at bawang at iba pang pampalasang sangkap o produkto sa nasasakupan ng bayang ito.

**Seksyon 2. Pamagat**. Ang pamagat ng ordinansang ito ay "2023 Onion, Garlic, and Other Spices Industry Regulation Ordinance of Bulalacao".

**Seksyon 3. Sakop.** Saklaw ng ordinansang ito ang lahat na indibidwal at organisadong grupo o korporasyon na nasa industriya ng sibuyas, bawang, at iba pang pampalasang sangkap o produkto sa bayan ng Bulalacao, Oriental Mindoro.

**Seksyon 4. Kahulugan ng mga Termino**. Ang sumusunod na mga salita ayon sa gamit sa kautusang ito ay nangangahulugan ng sumusunod:

**Ahente** – kinatawan ng buyer sa anumang transakyon kaugnay sa pagbili ng produkto.

**Akreditasyon** – pagkilalang ibinibigay ng industry council na may kaukulang rekisitos.

**Ayuda** – anumang uri ng tulong, pinansyal man o materyal, galing sa pamahalaan o pribadong isponsor.

**Buyer/Mamimili/Mamamakyaw** – sinumang tao, organisadong grupo, o korporasyon na namamakyaw ng produkto.

**Industry/Commodity Council** – konseho na binubuo ng iba't ibang indibidwal na nasa industriya ng partikular na produkto at opisyal na kinikilala ng Sangguniang Bayan ng Bulalacao.

**Lehitimong mangangalakal o negosyante** – sinumang indibidwal o anumang organisasyon na nagsasagawa ng negosyo, pangangalakal, o entreprenursyip sa tukoy na pwesto o lugar ng pangangalakal at mayroong kaukulang permiso mula sa Tanggapan ng Punong Bayan ng Bulalacao.

**Produkto** – tumutukoy sa sibuyas, bawang, at iba pang pampalasang sangkap gaya ng luya, sili at iba pa.

**Seksyon 5. Ayuda.** Ang lahat na tulong mula sa pamahalaan sa anumang uri at kaparaanan para sa industriya ng sibuyas, bawang, luya, sili, at iba pang pampalasang produkto ay dapat na mapakinabangan ng tukoy na benepisyaryo alinsunod sa patakaran at alituntunin mula sa pinanggalingang ahensya o tanggapan at ayon sa regulasyon na pinaiiral ng Lokal na Pamahalaan ng Bulalacao sa pamamagitan ng Tanggapan ng Punong Bayan, Municipal Cooperative and Development Office (MCDO), at Municipal Agriculture Office (MAO).

Kasama sa mga regulasyon, subalit hindi limitado sa, ang taunang pagbabayad ng buwis ng tinatamnang lupa, pagpaparehistro ng mga makinarya at sasakyan, at pagbabayad ng business permit o Mayor's permit, at occupational fee at iba pang regulatory fees. Ang mga magsasaka ay dapat na rehistrado sa Registry System for Basic Sectors in Agriculture (RSBSA).

KGG. KIM JOHN ELGO E. CANTOS
PERLITA [illegible] PAZ
KGG. KIFUNE E. CANTOS
KGG. ENRICO C. VILLAS
KGG. FELIX JOHN C. TEMPLANZA
KGG. JOEJIE R. NARCISO
KGG. JESS V. SAPUNGAN
KGG. GUILLERMO G. SALAS, JR.
KGG. EDEZER [illegible] ACERON
KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.
KGG. RAMON G. MAGBANUA
KGG. ERNILO C. VILLAS

Scanned with CamScanner

Ang mga ayuda ay ipamimigay sa mga magsasaka sa pamamagitan ng mga kooperatiba at asosasyon na may umiiral na akreditasyon mula sa Sangguniang Bayan. Ang sinumang may paglabag sa mga ordinansa at polisiya ay hindi makatatanggap ng ayuda sa sakop na panahong taniman.

**Seksyon 6. Akreditasyon**. Ang lahat na mamimili o buyer at ahente ng mga produkto ay dapat na makakuha ng akreditasyon mula sa nakasasakop na industry/commodity council. Halimbawa, ang mamimili o ahente ng sibuyas ay kukuha ng akreditasyon mula sa Bulalacao Onion Industry Council (BOIC).

Ang pangunahing requirements para sa pagbibigay ng industry/commodity council ng akreditasyon sa buyer/mamimili/mamamakyaw ay:

a. Kopya ng valid ID
b. Kopya ng business permit
c. Accreditation fee sa halagang PhP 2,000.00

Ang pangunahing requirements para sa pag-iisyu ng business permit ay:

a. Kopya ng sedula
b. Barangay clearance o barangay business clearance
c. Appointment o designation sa kinatawan ng asosasyon/kooperatiba/korporasyon
d. DTI/SEC/DOLE/CDA registration
e. Kaukulang bayad

Ang requirements para sa pagbibigay ng industry council ng akreditasyon sa ahente ay:

a. Kopya ng government-issued ID card
b. Kopya ng Mayor's permit
c. Accreditation fee sa halagang PhP 1,000.00

Ang pangunahing requirements para sa pag-iisyu ng Mayor's permit ay:

a. Kopya ng sedula
b. Appointment o designation sa kinatawan ng asosasyon/kooperatiba/korporasyon
c. Barangay clearance
d. Kaukulang bayad

Ang mga requirements ay maaaring madagdagan base sa desisyon ng Tanggapan ng Punong Bayan, o ng Sangguniang Bayan, o ng kaugnay na industry/commodity council. Ang accreditation fee ay maaaring mabago base sa desisyon ng nakasasakop na industry/commodity council subalit dapat na nabatid muna ito ng Tanggapan ng Punong Bayan at ng Sangguniang Bayan bago ang pagpapatupad.

KGG. KIM JOHN ELCO E. CANTOS
PERLITA V. PAZ
KGG. KIE[illegible] E. CANTOS
KGG. ENRICO C. VILLAS
KGG. FELIX JOHN C. TEMPLANZA
KGG. JOEJIE R. NARCISO
KGG. JESS V. SAPUNGAN
KGG. GUILLERMO G. SALAS JR
KGG. EBEZER F. ACERON
KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS JR.
KGG. RAMON G. MAGBANUA
KGG. ERNILO C. VILLAS

Scanned with CamScanner

Ang business permit, mayor's permit, at akreditasyon ay may bisa hanggang Disyembre 31 bawat taon.

Hindi maaaring mamili ng produkto ang buyer at ahente kung wala o expired na ang identification card bilang accredited buyer/agent. Hindi rin maaaring mamili ang buyer at ahente sa presyong mas mababa sa farm gate price na natukoy at itinakda ng Tanggapan ng Punong Bayan ayon sa rekomendasyon ng kaugnay na industry/commodity council. Pagtutuunan ito ng pansin at i-momonitor ng Permit and Licensing Division katuwang ang kaugnay na industry/commodity council at task force ganoon din ang mga sangguniang barangay at ang MAO. Kagyat na iuulat nila sa Tanggapan ng Punong Bayan ang sinumang buyer o ahente na walang akreditasyon o expired na ang akreditasyon subalit namimili pa din at ang mga namamakyaw sa presyong mas mababa sa itinakdang farm gate price para maipatawag, mapagpaliwanag, mag-intindi ng akreditasyon, at mapatawan ng karampatang penalidad.

Hindi magbibigay ng business permit sa asosasyon at kooperatiba ng mga tukoy na namimili o buyers ng sibuyas, bawang, at iba pang pampalasang sangkap o produkto.

**Seksyon 7. Industry/Commodity Council.** Sa tulong at paggabay ng Department of Agriculture katuwang ang MAO at iba pang kaugnay na tanggapan, ahensya, at organisadong grupo, ay mag-oorganisa ang MCDO ng industry council ng sibuyas, bawang, at iba pang pampalasang produkto na tanyag at marami sa Bulalacao. Kung hindi gaanong malaki ang industriya ay commodity council ang bubuoin. Maaari ding ipagsama ang dalawa (2) o higit pang produkto sa iisang industry council. Halos pareho ang pagkilos at operasyon ng industry at commodity councils, mas malawak nga lamang ang komposisyon ng una.

Mula sa hanay ng mga magsasaka na kabilang sa kaugnay na mga kooperatiba at asosasyon, mga byahero lalo na yaong kabilang sa Bulalacao Truckers Association/Cooperative, mamimili/mamamakyaw/mangangalakal, mamumuhunan, nagtitinda ng inputs, mga opereytor o may-ari ng makinaryang pangsakahan at post-harvest facilities, nasa processing o manufacturing gamit ang partikular na produkto, konsernadong grupo o samahan, at mga pinuno ng kaugnay na tanggapan o ahensya ng pamahalaan ay iluluklok tuwing ika-tatlong (3) taon ang mga pinuno ng industry/commodity council. Magkakaroon ng tig-isang (1) Chairperson, Vice-chairperson, Secretary, Treasurer, Auditor, Project Manager, Public Relation Officer, at limang (5) members ng Board of Directors. Magkakaroon ng dagdag na Vice Chairperson na dapat magmumula sa mga kinatawan mula sa pamahalaan Ang lahat na opisyal ng industry/commodity council ay dapat na residente ng Bulalacao, aktwal na nagsasaka o namamahala sa pagsasaka, may-ari o katiwala ng hindi bababa sa isang (1) ektaryang sakahang lupa, at hindi opisyal o regular na kawani ng pamahalaan,

KGG. KIM JOHN ELDO E. CANTOS
PERLITA ... PAZ
KGG. KIEVIN E. CANTOS
KGG. ENRICO C. VILLAS
KGG. FELIX JOHN C. TEMPLANZA
KGG. JOEJIE R. NARCISO
KGG. JESS V. SAPUNGAN
KGG. GUILLERMO G. SALAS, JR.
KGG. EDEZER E. ACERON
KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.
KGG. RAMON G. MAGBANUA
KGG. ERNILO C. VILLAS

Scanned with CamScanner

Pangunahing gawain ng industry/commodity council ang sumusunod:

1. Pagbuo ng sarili nitong batas-panloob;
2. Regular na pagsasagawa ng buwanang pagpupulong at konsultasyon sa mga apektadong stakeholders kaugnay sa mga usaping natatalakay sa pagpupulong at sa mga polisiyang nais isulong ng konseho;
3. Profiling ng partikular na produkto kasama ang lahat na mahalagang impormasyon kaugnay nito;
4. Pagpapatawag ng taunang pagtitipon ng lahat na stakeholders para sa kinakailangang mga pagbabago sa mga polisiya o pagsusulong ng panibagong mga panukala;
5. Pagmumungkahi para sa kinakailangang pansuportang pondo at proyekto sa iba't ibang ahensya ng pamahalaan o organisasyon;
6. Pagtukoy sa standard cost structure (production side) alinsunod sa mga pamantayan ng Department of Agriculture upang matukoy ang makatarungang farm gate price;
7. Pakikipagtuwang, pakikipag-ugnayan, at pagpasok sa kontrata sa kapareho o kaugnay na industry/commodity council o iba pang stakeholders sa ibang bayan, lalawigan, rehiyon, o maging sa ibang bansa kaugnay sa pagbibenta, pag-iimbak, pagpapaunlad, at pagpopromowt ng mga produkto ganoon din para sa pagsusulong, pagpapasigla, at pagpapaunlad ng mga industriya;
8. Pakikipagtuwang sa Lokal na Pamahalaan ng Bulalacao sa pamamagitan ng MAO para sa pagbubuo ng Municipal Commodity Investment Plan (MCIP) na nakaangkla sa value-chain system (production methods, cultural practices, post-harvest activities, logistics, marketing) sa pamamagitan ng pagsasagawa ng konsultasyon sa stakeholders;
9. Pagsusulong upang ang mga produktong natukoy na commodity champions sa MCIP ay maisama naman sa Provincial Commodity Investment Plan (PCIP); at
10. Pagpapasa ng mga panukalang polisiya at badyet sa Tanggapan ng Punong Bayan, MCDO, at MAO para sa review at evaluation ng mga ito bago ang rekomendasyon sa approving body;

Ang industry/commodity council ay makikipag-usap sa kaparehong industry/commodity council ng Occidental Mindoro o ang Sangguniang Bayan ng Bulalacao sa mga Sangguniang Bayan o sa Sangguniang Panlalawigan ng Occidental Mindoro para magkaroon din ng parehong mga regulasyon o parehong ordinansa.

KGG. KIM JOHN ELCO E. CANTOS
PERLITA V. PAZ
KGG. KIERAN E. SANTOS
KGG. ENRICO C. VILLAS
KGG. FELIX JOHN C. TEMPLANZA
KGG. JOEJIE R. NARCISO
KGG. JESSA V. SAPUNGAN
KGG. GUILLERMO G. SALAS JR.
KGG. EDELYER E. ACERON
KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS JR.
KGG. RAMON G. MAGBANUA
KGG. ERNILO G. VILLAS

Sa pamamagitan ng MCDO ay bubuoin ang Bulalacao Industry Development Council (BIDC) na ang komposisyon ng mga ito ay lahat na chairpersons ng iba't ibang rehistradong industry/commodity councils sa bayang ito. Ito naman ang magsisilbing pangkalahatang coordinating body para sa maayos na pagkilos ng lahat na industry/commodity councils at ang magpaparating sa Municipal Development Council at Municipal Cooperative Development Council kaugnay sa mga inisyatibo, proyekto, at programa na dapat mapasama sa investment program at development plan ng Lokal na Pamahalaan ng Bulalacao at ng Pamahalaang Panlalawigan ng Oriental Mindoro. Bahagi ng gawain ng BIDC ang profiling ng lahat na produkto.

**Seksyon 8. Task Force SIBUL**. Sa bawat barangay ay magkakaroon ng Task Force Sagip Sibuyas, Bawang, At Iba Pa sa Bulalacao (Task Force SIBUL) na binubuo ng 1 Sangguniang Barangay Member, 1 LGU of Bulalacao – appointed worker, at 1 kinatawan ng mga kooperatiba o asosasyon ng mga magsasaka sa sakop na barangay. Bubuoin, aalalayan, at susubaybayan ng MCDO ang Task Force SIBUL. Gagawa ito ng mga alituntunin sa pagtukoy ng mga kasapi.

Bahagi ng mga gawain ng Task Force SIBUL ang sumusunod:

1. Pagtulong sa MAO at iba pang tanggapan sa pagtukoy ng mga karapat-dapat na benepisyaryo sa mga ayuda;
2. Pagmomonitor at pag-uulat sa Tanggapan ng Punong Bayan, at MCDO, at MAO tungkol sa hindi tamang paggamit ng mga ayuda gaya ng pagbibenta ng binhi at abono sa ibang magsasaka at sa kalidad O at istatus ng ayuda;
3. Pagmomonitor at pag-uulat kung mayroong mga mamimili o ahente na walang akreditasyon o expired na ang akreditasyon mula sa kaugnay na industry/commodity council, kung may nakakargahan na trucks na hindi taga-Bulalacao, at kung may namamakyaw o namimili sa presyong mas mababa sa itinakdang farm gate price;
4. Pag-aalalay at paggabay tungkol sa mga proseso at rekisitos kaugnay sa pagpapatupad ng ordinansang ito at iba pang kaugnay na batas at alituntunin; at
5. Pagtulong upang masiguro na napapanatili ang magandang kalidad ng mga produkto sa Bulalacao.

Maaaring magkaroon ng task force ang bawat produkto kung masyadong malaki ang industriya sa isang barangay.

**Seksyon 9. Iba Pang Regulasyon.** Ang sumusunod na regulasyon o kautusan ay dapat na talimahin:

KGG. KIM JOHN ELCID E. CANTOS
PERLITA L. PAZ
KGG. KIE[illegible] CANTOS
KGG. ENRICO C. VILLAS
KGG. FELIX JOHN C. TEMPLANZA
KGG. JOEJIE R. NARCISO
KGG. JESS V. SAPUNGAN
KGG. GUILLERMO G. SALAS, JR.
KGG. EDEZER F. ACERON
KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS JR.
KGG. [illegible] G. MAGBANUA
KGG. ERNILO C. VILLAS

Scanned with CamScanner

a. Babayaran ng cash ang mga magsasaka para sa kanilang produkto. Kung uutangin ang produkto ay dapat na mayroong collateral na ang halaga ay hindi bababa sa 80% ng halaga ng produkto at babayaran nang hindi lalampas sa pitong (7) araw, dapat na mayroong notaryadong kasunduan para dito. Ang buyer ay magbibigay ng paunang bayad na hindi bababa sa 25% ng halaga ng tinatayang ani. Imomonitor at iuulat din ito ng task force, sangguniang barangay, at council;

b. Ang lahat na trucks na taga-Bulalacao na nagbibyahe ng sibuyas, bawang, at iba pang pampalasang produkto ay kukuha ng sticker mula sa kaugnay na industry/commodity council sa halagang PhP 1,000.00 per truck bawat taon. Tutukuyin ng industry/commodity council ang requirements para dito. Hindi maaaring magbyahe o pasakayin sa barko o palabasin sa bayan ng Bulalacao ang truck na kargado ng produkto nang walang council sticker, maliban kung hindi taga Bulalacao ang truck subalit kailangang magpakita ng pruweba. Prayoridad sa pagbibyahe ang trucks na taga Bulalacao na dapat ay kasapi din ng Bulalacao Truckers Association/Cooperative. Maaari lamang gamitin ang trucks na galing sa ibang lugar kung wala nang magamit na truck na taga Bulalacao. Magiging responsable para dito ang Philippine Ports Authority (PPA), MAO, at PNP;

c. Kailangang mayroong transport permit ang bawat byahe ng truck na kargado ng produkto palabas sa Bulalacao. Biyahero ang magbabayad ng transport fee upang maisyuhan ng transport permit. Halagang 19.23 centavos bawat kilo ng produkto ang ibabayad ng byahero na transport fee at dapat na may official receipt nito bago maisyuhan ng transport permit. Requirement dito ang inspection report mula sa MAO. Dapat na tutukan ito ng Municipal Treasury Office (MTO) at ng Permit and Licensing Division. Ang 50% ng transport fee ay ilalagak sa trust fund ng Lokal na Pamahalaan ng Bulalacao na ilalaan naman para sa sumusunod: 50% para sa mga proyekto at programa na nagsusulong sa paglago ng produkto, 20% para sa maintenance and other operating expenses ng council, 20% para sa kaugnay na task force, at 10% para sa sangguniang barangay kung saan nanggaling ang produkto. Ang natitirang 50% ng transport fee ay mapupunta sa general fund. Magkakaroon ng appropriation ng equivalent amount nito sa susunod na annual o supplemental badyet sa ilalim ng MAO at MCDO para sa pagpapalago ng kaugnay na industriya;

KGG. KIM JOHN ELCID E. CANTOS
PERLITA A. PAZ
KGG. KIEVEN E. CANTOS
KGG. ENRICO C. VILLAS
KGG. FELIX JOHN C. TEMPLANZA
KGG. JOEJIE R. NARCISO
KGG. JESS V. SAPUNGAN
KGG. GUILLERMO G. SALAS JR.
KGG. EDEZER F. ACERON
KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS JR.
KGG. RAMON G. MAGBANUA
KGG. ERNIKO C. VILLAS

Scanned with CamScanner

d. Requirement sa pagkuha ng transport permit ang pagpapakita ng order slip/s o purchase order/s kung saan malinaw na nakasaad ang halaga ng bili ng nag-order o mga nag-order ng produkto, o storage confirmation slip/storage agreement/proof of advance payment or reservation fee kung dadalhin sa cold storage facility ang produkto. Nakalagay sa transport permit ang petsa at oras ng pagbyahe at numero ng pila sa pier/San Roque exit point. Ayon sa numerong nakalagay sa transport permit ang pagpapasakay sa barko o pagpapalabas sa San Roque exit point. Bago ang pagbabayad sa barko ay dapat na hawak na ng byahero ang transport permit. Hindi dapat nagkakasabay-sabay ang madaming trucks sa iisang destinasyon para maiwasan ang pagbagsak ng presyo. PPA, MAO, at PNP ang magpapatupad nito;

e. Tatlo hanggang limang (3-5) araw bago magbyahe ay dapat kumukuha na ng transport permit;

f. Ang ibabyaheng mga produkto ay dapat de-kalidad. Mahigpit na ipinagbabawal ang pagbibyahe palabas ng Bulalacao ng mga produktong may sira, malapit nang mabulok, at hindi pasado sa quality control;

Sa pangunguna ng MCDO at MAO sa tulong ng DA at iba pang kaugnay na ahensya at tanggapan ng pamahalaan ay magsasagawa ng oryentasyon, seminar, o pagsasanay para sa mga kooperatiba at asosasyon ng mga magsasaka tungkol sa preparasyon, produksyon, pag-aani, post-harvest handling, marketing, paghingi ng assistance, at pangungutang para masiguro ang sustenable, de-kalidad, at pagkakaroon ng makatarungang presyo na mga produkto;

**Seksyon 10. Pondo**. Ang salaping gugugulin sa maayos, tuloy-tuloy, at makatarungang pagpapatupad ng kautusang ito ay dapat na mapaglaanan ng sapat sa taunan o ayudang badyet ng Tanggapan ng Punong Bayan, MCDO, at MAO ng Lokal na Pamahalaan ng Bulalacao. Ang Municipal Budget Office ay inaatasan na magtalima at magtaguyod sa seksyon na ito.

**Seksyon 11. Kaparusahan**. Ang bawat paglabag sa Seksyon 6 at 9 ay magkakaroon ng penalidad na:

| | | |
|---|---|---|
| Unang paglabag | - | isanlibong piso (PhP1,000.00) |
| Ikalawang paglabag | - | isanlibo pitong daan at limampung piso (PhP1,750.) |
| Ikatlong paglabag | - | dalawang libo at limandaang piso (PhP2,500.00) |

Scanned with CamScanner

Ang unang beses na paglabag ng buyer at ahente ay mangangahulugan din ng awtomatikong rebokasyon ng business permit o Mayor's permit at ng akreditasyon.

Magiging blacklisted ang truck na mandaraya o magpapalusot o magbibyahe nang hindi dumaan o sumunod sa mga prosesong dito ay nababanggit sa loob ng panahong tutukuyin ng Tanggapan ng Punong Bayan. Bibigyang-pansin ito ng PPA at PNP.

Ang lisensya ng drayber na nagmamaneho ng nahuling truck ay pansamantalang kukumpiskahin muna ng PNP personnel na deputized ng LTO hanggang sa siya ay makapagbayad ng kaukulang penalidad. Ang Municipal Treasury Office (MTO) ang magtatala ng mga paglabag.

Ang makokolektang halaga mula sa penalidad ay hahatiin ng MTO ayon sa sumusunod:

50% ay mapupunta sa trust fund at paghahatian ng mga nagbigay ng ulat at nanghuli.

50% ay mapupunta sa general fund ng Lokal na Pamahalaan ng Bulalacao.

**Seksyon 12. Administratibong Gabay**. Ang sinumang opisyal, kawani, o manggagawa ng Lokal na Pamahalaan ng Bulalacao o ng anumang ahensya ng pamahalaan na hindi gaganap sa mga tungkuling nasasaad dito o kaya ay hahadlang sa o magiging dahilan sa pagkabalam ng implementasyon ng kautusang ito ay dapat na maparusahan ayon sa isinasaad ng mga kaugnay na polisiya at batas.

**Seksyon 13. Sugnay sa Pagpapawalang Bisa**. Ang anumang pambayang kautusan o ordinansa na hindi umaayon sa alinman sa mga probisyon ng kautusang ito ay pinawawalang bisa o binabago.

**Seksyon 14. Sugnay sa Paghihiwalay.** Kung may bahagi man ng kautusang ito na madideklarang walang bisa, ang nalalabi o iba pang bahagi ay mananatiling may bisa. Mananaig ang mas mataas na batas o polisiya.

**Seksyon 15. Bisa**. Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos mapagtibay.

**ISINABATAS** ngayong ika-27 ng Marso 2023 sa Bulalacao, Oriental Mindoro.

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

KGG. KIM JOHN ELTO E. CANTOS
PERLITA L. PAZ
KGG. KIEVEN E. CANTOS
KGG. ENRICO C. VILLAS
KGG. FELIX JOHN C. TEMPLANZA
KGG. JOEJIE R. NARCISO
KGG. JESS V. SAPUNGAN
KGG. GUILLERMO G. SALAS, JR.
KGG. EDEZER F. ACERON
KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.
KGG. RAMON G. MAGBANUA
KGG. ERNING C. VILLAS

**KGG. EDEZER F. ACERON**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. JESS V. SAPUNGAN**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. FELIX JOHN C. TEMPLANZA**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. KIEVEN E. CANTOS**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. GUILLERMO G. SALAS, JR.**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. JOEJIE R. NARCISO**
Sangguniang Bayan Member

**KGG. ENRICO C. VILLAS**
Pangulo, Liga ng mga Barangay

**KGG. KIM JONH ELCO E. CANTOS**
SK Federation President

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**KGG. RAMON G. MAGBANUA**
Pangalawang Punong Bayan/
Regular na Tagapangulo

**PINAGTIBAY:**

**KGG. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: March 30, 2023

23/03//28/PLP/jpc

Scanned with CamScanner